# *Awit 50*

***"1 Ang makapangyarihang Dios, ang Dios na Panginoon, ay nagsalita, at tinawag ang lupa mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog niyaon. 2 Mula sa Sion na kasakdalan ng kagandahan, sumilang ang Dios. 3 Ang aming Dios ay darating at hindi tatahimik; isang apoy na mamumugnaw sa harap niya, at magiging totoong malaking bagyo sa palibot niya. 4 Siya'y tatawag sa langit sa itaas, at sa lupa upang mahatulan niya ang kaniyang bayan: 5 Pisanin mo ang aking mga banal sa akin; yaong nangakikipagtipan sa akin sa pamamagitan ng hain. 6 At ipahahayag ng langit ang kaniyang katuwiran; sapagka't ang Dios ay siyang hukom. (Selah) Iyong dinggin, Oh aking bayan, at ako'y magsasalita; Oh Israel, at ako'y magpapatotoo sa iyo: Ako'y Dios, iyong Dios. 7 Hindi kita sasawayin dahil sa iyong mga hain; at ang iyong mga handog na susunugin ay laging nangasa harap ko. 9 Hindi ako kukuha ng baka sa iyong bahay, ni ng kambing na lalake sa iyong mga kawan. 10 Sapagka't bawa't hayop sa gubat ay akin, at ang hayop sa libong burol. 11 Nakikilala ko ang lahat ng mga ibon sa mga bundok: at ang mga mabangis na hayop sa parang ay akin. 12 Kung ako'y magutom ay hindi ko sasaysayin sa iyo: sapagka't ang sanglibutan ay akin, at ang buong narito. 13 Kakanin ko ba ang laman ng mga toro, o iinumin ang dugo ng mga kambing? 14 Ihandog mo sa Dios ang haing pasasalamat: at tuparin mo ang iyong mga panata sa Kataastaasan: 15 At tumawag ka sa akin sa kaarawan ng kabagabagan; ililigtas kita, at iyong luluwalhatiin ako. 16 Nguni't sa masama ay sinasabi ng Dios, Anong iyong gagawin upang ipahayag ang aking mga palatuntunan, at iyong kinuha ang aking tipan sa iyong bibig? 17 Palibhasa't iyong kinapopootan ang pagtuturo, at iyong iniwawaksi ang aking mga salita sa likuran mo. 18 Pagka nakakita ka ng magnanakaw, pumipisan ka sa kaniya, at naging kabahagi ka ng mga mapangalunya. 19 Iyong ibinubuka ang iyong bibig sa kasamaan, at ang iyong dila ay kumakatha ng karayaan. 20 Ikaw ay nauupo, at nagsasalita laban sa iyong kapatid; iyong dinudusta ang anak ng iyong sariling ina. 21 Ang mga bagay na ito ay iyong ginawa, at ako'y tumahimik; iyong inisip na tunay na ako'y gayong gaya mo: nguni't sasawayin kita, at aking isasaayos sa harap ng iyong mga mata. 22 Gunitain nga ninyo ito, ninyong nangakalilimot sa Dios, baka kayo'y aking pagluraylurayin at walang magligtas. 23 Ang naghahandog ng haing pasasalamat ay lumuluwalhati sa akin; at sa kaniya na nagaayos ng kaniyang pakikipagusap aking ipakikita ang pagliligtas ng Dios." (Awit 50:1-23 KJV)***

Ang Dios ang Lumikha ng mga Langit at lupa. Siya ang Dios ng ating kaligtasan na nagsugo sa Kanyang sariling Anak, ang Panginoong JesuCristo upang iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan, at Siya ng hukom ng buong sanglibutan na patuloy na humahatol sa sanglibutan at inihahanda ito para huling paghuhukom kapag si Cristo ay dumating at kunin tayo kasama ng lahat ng Kanyang mga banal; kapag ibinigay Niya ang Kaharian ng Dios.

***"1 Ang makapangyarihang Dios, ang Dios na Panginoon, ay nagsalita, at tinawag ang lupa mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog niyaon." (Awit 50:1)*** Tinatawag dito ng Dios ang buong sanglibutan at Siya ang may hawak na hukuman.. Tinatawag Niya ang bawat sangkatauhan. Walang ipinanganak sa lupa at nabigong tawagin siya ng Dios at ibigay sa kanya ang pagkakataon upang maligtas. Kaya ngayon ay tinatawag ka ng Dios, upang ibigay ang iyong buhay sa Kanya at maniwala kay Jesus, upang tanggapin Siya sa iyong puso at hayaan Siya na maging Panginoon sa iyong buong buhay at simulang sumunod sa Kanya.

***"2 Mula sa Sion na kasakdalan ng kagandahan, sumilang ang Dios." (Awit 50:2 KJV)*** Bago dumating si Cristo ang Dios ay nanahan sa lupa sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu sa Zion, kung saan ang Kanyang bayan ay naroon. Ngunit pagkatapos dumating ni Cristo at maging sa ngayon, ang Dios, ang Banal na Espiritu ay nanahan sa Kanyang bayan, sa simbahan; sa mga tumugon sa Kanyang tawag, na lumabas sa sanglibutan at sinimulang mamuhay sa kabanalan paglilingkod sa Kanya.

***"3 Ang aming Dios ay darating at hindi tatahimik; isang apoy na mamumugnaw sa harap niya, at magiging totoong malaking bagyo sa palibot niya." (Awit 50:3 KJV)*** Palaging ipapakita ng Dios ang Kanyang sarili sa mga tao; ipapakilala Niya ang Kanyang sarili at makikialam sa kanilang buhay. Patuloy Siyang magsasalita at ipapahayag ang Kanyang Salita at ang Kanyang kalooban sa iba't ibang paraan. Ipapakita Niya ang Kanyang sarili at gagawing matakot ang Kanyang bayan sa Kanya at manginig sa Kanyang presensya. Ipapakita Niya ang Kanyang sarili sa isang madamdaming paraan, "***isang apoy na mamumugnaw sa harap niya, at magiging totoong malaking bagyo sa palibot niya"***. Ang mga lindol, hangin, bulkan, pagbaha, dimgmaan, kalamidad, pandemya, atbp… ay pawang masasakit na mga pangayayari at trahedya na gagawin ng Dios, upang gisingin ang pansin ng mga tao at ipaalam sa kanila ang tungkol sa presenya ng Dios sa palibot nila at mapagtanto nila na Siya ay nagmamasid at sumusubaybay sa lahat ng bagay.

***"4 Siya'y tatawag sa langit sa itaas, at sa lupa upang mahatulan niya ang kaniyang bayan:" (Awit 50:4 KJV)*** Tinatawag ng Dios ang mga Langit upang saksihan at upang ipatupad ang hatol sa Kanyang bayan, Unang hahatulan ng Dios ang Kanyang bayan at haharapin sila sa isang maayos na paraan. Gagantimpaalan Niya ang mga gumawa ng mabuti upang itaas sila upang patuloy na gawin ang Kanyang kalooban. Pati na rin sasawayin

niya ang mga gumawa ng masasama upang pigilan sila at dalhin sila sa pagsisisi. Ang ilang mga mananampalataya ay sasabin nila, Bakit pinaparusahan ako ng Dios para sa aking mga kasalanan ngunit maraming nariyan na hindi mananampalataya na mas masahol pa ngunit hindi sila pinaparusahan ng Dios para sa kanilang masamasang gawain. Ang dahilan sa likod niyon ay dahil unag hahatulan ng Dios ang Kanyang bayan, ngunit sa kalaunan ay hahatulan din Niya ang lahat ng mga tao gaya ng mababasa natin dito, ***"17 Sapagka't dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom sa bahay ng Dios: at kung mauna sa atin, ano kaya ang wakas ng mga hindi nagsisitalima sa evangelio ng Dios? 18 At kung ang matuwid ay bahagya ng makaliligtas, ang masama at ang makasalanan ay saan kaya magsisiharap?" (1 Pedro 4:17-18 KJV)***

***"5 Pisanin mo ang aking mga banal sa akin; yaong nangakikipagtipan sa akin sa pamamagitan ng hain." (Awit 50:5 KJV)*** Dito ay tinatawag ng Dios ang Kanyang mga banal at ang mga pinabanal ang kanilang buhay para sa Kanya; ang mga gumawa ng tipan sa Dios upang mabuhay para sa Kanya at gawin ang Kanyang kalooban. Tinatawag ng Dios ang Kanyang mga banal upang mapasa Kanya sa pagpapatupad ng paghatol laban sa kasalanan at laban sa mga gumagawa ng masasamang bagay. Sinabi ni Pablo sa mga taga Corinto, ***"2 O hindi baga ninyo nalalaman na ang mga banal ay magsisihatol sa sanglibutan? at kung ang sanglibutan ay hahatulan ninyo, hindi kaya baga dapat magsihatol kayo sa mga bagay na pinakamaliit? 3 Hindi baga ninyo nalalaman na ating hahatulan ang mga anghel? gaano pa kaya ang mga bagay na nauukol sa buhay na ito? 4 Kung kayo nga'y mayroong usapin na mga bagay na nauukol sa buhay na ito, ilalagay baga ninyo upang magsihatol ang mga taong walang halaga sa iglesia?" (1 Corinto 6:2-4 KJV)*** Ang Simbahan ng Dios ay inatsan ng Dios na harapin ang kasalanan, at sa mga gumagawa ng masama sa kabila ng kanilang pangako kay Cristo.

***"6 At ipahahayag ng langit ang kaniyang katuwiran; sapagka't ang Dios ay siyang hukom. (Selah)." (Awit 50:6 KJV)*** Sa pagtatag ng hukumang ito, tinawag ang mga Langit at mga banal upang ipahayag ang katuwiran ng Dios, Ang Dios sa hukumang ito Mismo ang hukom na magsisikap na hayaan ang bawat desisyon at paghatol ay lalabas mula sa Kanya.

***"7 Iyong dinggin, Oh aking bayan, at ako'y magsasalita; Oh Israel, at ako'y magpapatotoo sa iyo: Ako'y Dios, iyong Dios." (Awit 50:7 KJV)*** Ang mga tao na tinawag ng Dios na Kanyang bayan, sinisimulan Niyang hatulan sila sa pamamagitan ng pagharap sa kanilang mga kasalanan. Patuloy na magsasalita at magpapatotoo ang Dios at ituturo ang mga kasalanan na ginagawa ng Kanyang bayan upang harapan sila ng wasto at napapanahon ayon sa Kanyang kalooban. Ginagawa niya iyon upang akayin ang Kanyang bayan sa pagsisisi.

Nang sabihin ng Dios ***"Ako'y Dios, iyong Dios.",*** na parang nakalimutan ng Kanyang bayan ang Kanyang dakilang kapangyarihan sa kanilang buhay. Ipinagkakaloob Niya ngayon sa kanila ang pagkatakot sa Dios upang sila'y kumilos sa pagsisisi. Ilagay sa iyong isipan, na kahit na ikaw ay may ministerio at naglilingkod sa Dios, ngunit ang Dios ay nangingibabaw sa iyon at hindi niya papayaagn ang kasalanan na ginagawa mo; kaya kailangan mong magsisi mula sa gayong kasalanan, upang ang Dios ay masiyahan sa iyo at pagpalain ang iyong paglilingkod at ministerio.

***"8 Hindi kita sasawayin dahil sa iyong mga hain; at ang iyong mga handog na susunugin ay laging nangasa harap ko." (Awit 50:8 KJV)*** Sasawayin ng Dios ang Kanyang bayan hindi dahil nais Niya ang mga handog at hain mula sa kanila. * Isa sa mga kasalanan na hahatulan ng Dios sa Kanyang bayan ay kapag inisip nila na hindi kayang pamahalaan ng Dios nang wala sila. Ang ibang kasalanan na hahatulan ng Dios sa Kanyang bayan ay kapag inisip nila na ang kanilang ibinibigay ay makakapagtakip sa kanilang mga kasalanan. * Ang pagmamalaki at sariling katuwiran ang haharapin ng Dios sa mga taong nagtalaga ng kanilang buhay para sa Kanya. * Sa ilang pagkakataon ang pagbibigay at paghahandog ay paraan lamang upang linisin ang budhi at ginagamit upang pagtakpan ang ilang mga kasalanan o mabayaran ang nararapat nilang gawin ngunit nabigo ang Dios sa pagkamit ng ipinagawa Niya sa kanila. * Kaya dito ipinapaalala ng Dios sa iyo na ang kasalanan na ginagawa mo ay kailangang mong pagsisihan ito, at hindi matatakpan o mababayaran ito ng materyal na mga bagay na ibinibigay mo.

***"9 Hindi ako kukuha ng baka sa iyong bahay, ni ng kambing na lalake sa iyong mga kawan." (Awit 50:9 KJV)*** Ipinapaalala ng Panginoon dito sa Kanyang bayan, ang lahat ng mayroon sila ay mula sa Kanya. Ang lahat ng mayroon ka ay mula sa Kanya at hindi mo maaring ipagmalaki ang tungkol doon. Ipinatitibay Niya na hindi Siya interesado sa kung anong mayroon ang Kanyang bayan at kung anong ibinigay Niya sa kanila. ***"10 Sapagka't bawa't hayop sa gubat ay akin, at ang hayop sa libong burol." (Awit 50:10 KJV)*** Ipinapahayag Niya dito na ang lahat ng mga hayop sa gubat at ang mga hayop sa burol ay pag aari Niya. Ang Dios ay hindi ayon sa kung anong mayroon ka ngunit ang Dios ay ayon sa kung paano mo ipamuhay ang iyong buhay sa Kanya.

***"11 Nakikilala ko ang lahat ng mga ibon sa mga bundok: at ang mga mabangis na hayop sa parang ay akin." (Awit 50:11 KJV)*** Ang lahat ng bagay ay nasa Dios at nasa ilalim ng kaalaman ng Dios at sa Kanyang pamamahala; na parang nakalimutan ng Kanyang bayan na nalalaman ng Dios ang lahat at walang natatago mula sa ilalim ng Kanyang paningin. Ipinapaalala sa iyo ng Dios dito na Siya ang Dios na nakakaalam ng lahat. Siya ang makapangyarihan sa lahat at sa lahat ng dako, kaya maging maingat, magsisi, baguhin ang iyong mga landas at matakot sa Kanya.

***"12 Kung ako'y magutom ay hindi ko sasaysayin sa iyo: sapagka't ang sanglibutan ay akin, at ang buong narito." (Awit 50:12 KJV)*** Ang Dios ay hindi naghihintay sa iyo upang pangasiwaan ang mga usapin ng sanglibutan o ilaan ang Kanyang mga kailangan. Ang lahat ng bagay ay nasa ilalim Niya at gagawin Niya kung anong nais Niya. Kung ikaw ay hindi tutugon sa pagtawag ng Dios at ibaba ang iyong sarili at matakot sa Kanya, handang palitan ka ng Dios ng iba na handang maglingkod sa Kanya at pasiyahan Siya.

***"13 Kakanin ko ba ang laman ng mga toro, o iinumin ang dugo ng mga kambing?" (Awit 50:13 KJV)*** Nagsasalita dito ang Dios sa panunuya sa Kanyang bayan, Ang bayan ng Dios dahil sa pagmamataas at sariling pagkamutuwid at iniisip na gumagawa sila ng lingap sa Dios kapag sila'y naglilingkod sa Kanya. * Iniisip ng maraming mga tao na sila'y mas mabuti kaysa sa iba dahil sila'y naniniwala kay Cristo. Ngunit sila ay hindi masunurin sa Salita ni Cristo at sa Kanyang kalooban sa kanila kung gayon ang kanilang pananampalataya ay walang kabuluhan sa kannila. * Hindi kakain ang Diyos ng laman ng mga toro o iinom ng dugo ng mga kambing ni hindi malulugod sa inyong mga hain, pagbibigay at ministeryo kung hindi ito sinamahan ng pagsunod.

***"14 Ihandog mo sa Dios ang haing pasasalamat: at tuparin mo ang iyong mga panata sa Kataastaasan:" (Awit 50:14 KJV)*** Una kailangan mong magalak sa Dios, "***Ihandog mo sa Dios ang haing pasasalamat:"***; bilangan mo ang iyong mga pagpapala at magpasalamat sa Kanya para sa lahat ng Kanyang kabutihan patungo sa iyo. Kapag ang bayan ng Dios ay tumigas ang puso dahil sa kasalanan magsisimula sila na hindi magalak sa Dios. Sila'y
magbubulong bulong at magrereklamo sa gayong paraan. Sa gayong pag uugali sila'y mag uumpisang mag isip na ang Dios ay hindi gumagawa ng mabuti sa kanila, at unti unti nilang sisimulang lumayo mula sa Kanya at lumayo mula sa paglilingkod Kanya. Kaya, sinasabi ng Dios sa knyang bayan, ***"tuparin mo ang iyong mga panata sa Kataastaasan:"*** Kailangan mong tuparin ang iyong panata sa Dios; ng kung anong iyong ipinangakong gawin, na kailangan mong gawin. Ilagay sa iyong isipin na ang pagsunod ay mas mabuti kay sa paghahandog.

***"15 At tumawag ka sa akin sa kaarawan ng kabagabagan; ililigtas kita, at iyong luluwalhatiin ako." (Awit 50:15 KlV)*** Kapag ang pagmamataas ay naroon ang bayan ng Dios ay hindi handang magpakumbaba sa harap ng Dios at manangis sa Kanya sa panahon ng kanilang kapighatian. Hindi dahil Siya ay malayo sa kanila kundi sila'y malayo sa Kanya. * Ang pagapakumbaba, pagsisisi at pagnunumbalik sa Dios at buong pag asa sa Kanya ay maghahatid ng kaluwalhatin at karangalan sa Dios at maghahatid ng mga pagpapala sa iyong buhay. Iyon ay kung paanong hatulan ng Dios ang Kanyang bayan; sa pagibig sa kanila. Binigyan Niya sila ng pagkakatain upag magsisi at bumalik sa Kanya. * Ipakumbaba ang iyong sarili ngayon sa makapangyarihang kamay ng Dios, tawagin siya ngayon upang iligtas ka mula sa kaguluhan na pinagdadaanan mo.

Umiyak sa Dios upang iligtas ka mula sa iyong mga kaguluhan. Panginooon ako'y nanangis sa iyo iligtas ako at palayain ako mula sa suliraning ito ____________________.

Panginoon ako'y nagpapasalamat at niluluwalhati ka para sa iyong kapangyarihang pagliligtas sa aking buhay at sa buhay ng iyong simbahan at ng iyong bayan.

***"16 Nguni't sa masama ay sinasabi ng Dios, Anong iyong gagawin upang ipahayag ang aking mga palatuntunan, at iyong kinuha ang aking tipan sa iyong bibig?" (Awit 50:16 KJV)*** Ang hindi handang magsisi at baguhin ang kanilang mga daan, haharapin sila ng Dios, na wala silang karapatan na gamitin ang Kanyang pangalan at tawagin ang kanilang sarili na bayan ng Dios. Kahit sila ay walang karapatang ipahayag ang Kanyang Salita hangga't sila ay nasa kasalanan. Ang bayang iyon ng Dios ay gumawa ng kasamaan sila ay hindi dapat manalangin sa Dios. Tanging kapag ipinagtapat nila ang kanilang mga kasalanan sa Dios at nagsisi, sa gayon ang kanilang mga panalangin ay maririnig at dadalo ang Diyos, at maaari nilang ipahayag ang Kanyang Salita sa mundong kanilang kinabibilangan.

Ang Dios sa ganoon ay pantay at matuwid gaya ng mababasa natin ang sumusunod: ***"17 Palibhasa't iyong kinapopootan ang pagtuturo, at iyong iniwawaksi ang aking mga salita sa likuran mo." (Awit 50:17 KJV)*** Kung ang bayan ng Dios ay hindi sumusunod sa Salita ng Dios at isinagawa ang Kanyang mgab utos, kung hindi nila iniibig ang Dios, at eksaktong itinatapon nila ang Kanyang Salita sa kanilang likuran. Kaya ito ay patas na ipinagbabawal ng Dios sa kanila na ipahayag ang kanyang tipan sa Kanya, at huwag ipahayag ang

Kanyang Sarili sa iba hanggang sila'y magsisi. Ang Salita sa Dios ay ipinaliwanag pa tungkol doon at gaya ng sumunsunod:

***"18 Pagka nakakita ka ng magnanakaw, pumipisan ka sa kaniya, at naging kabahagi ka ng mga mapangalunya." (Awit 50:18 KJV)*** Anong masamang patotoo na mayroon ka kapag ikaw ay sumang ayon at kinunsinti o pinagtakpan ang mga magnanakaw at nakikibahagi sa mga gumagawa ng pangangalunya. Ang bayan ng Dios ay hindi dapat masangkot, o magsulong, o maghikayat ng mga kasalanan, at maling gawain sa loob ng bayan ng Dios. Dapat mong gawin ang lahat ng iyong makakaya upang umiwas sa kasalanan at makipagtulungan sa Dios upang linisin ang simbahan ng Dios at bayan ng Dios mula sa lahat ng makasalanang gawain.

***"19 Iyong ibinubuka ang iyong bibig sa kasamaan, at ang iyong dila ay kumakatha ng karayaan. 20 Ikaw ay nauupo, at nagsasalita laban sa iyong kapatid; iyong dinudusta ang anak ng iyong sariling ina." (Awit 50:19-20 KJV)*** Ang dila ay konektado sa puso at isip. Ang mga makamundo sa hindi pinanumbalik ang isip at nakatutok sa kanilang pagnanasa ng laman, sila'y magsasalita ng masasamang bagay at magsasabi ng kasinungalingan upang salakayin ang kanilang kapatid na nagagalak na gawin ang kalooban ng Dios at namumuhay ayon sa Salita ng Dios at ng Kanyang mga utos. Nais ng Dios sa iyo na magsisi sa pagsisinungaling at pagsasalita ng masama laban sa iyong kapatid na namumuhay sa isang makaDios na buhay.

***"21 Ang mga bagay na ito ay iyong ginawa, at ako'y tumahimik; iyong inisip na tunay na ako'y gayong gaya mo: nguni't sasawayin kita, at aking isasaayos sa harap ng iyong mga mata." (Awit 50:21 KJV)*** Kapag ang bayan ng Dios ay gumawa ng kasamaan at ang Dios ay nanatiling tahimik hindi ibig sabihin niyon ay Siya ay sumasang ayon sa kanila at sinusuportahan sila, o Siya ay uri ng Dios na tinatanggap ang Kanyang bayan sa paggawa ng masama. Kapag ang Dios ay tahimik habang ikaw ay gumgawa ng masama at nilalabag ang Kanyang Salita at mga utos hindi ibig sabihin na sinusuportahan ka ng Dios, Ang bayan ng Dios ay pinagsasamantalahan ang Dios kapag Siya ay tahimik sa pagharap sa mga kasalanan ng kanilang pamilya at ng simbahan. Iniisip pa nila na ang Dios ay katulad nila na walang pakialam sa mga kasalanan at pagkakasala. Ano ang nangyayari sa buhay ng mga tao ng Dios kapag ang Dios ay nagpapaliban sa Kanyang paghatol, iniisip nila na ang gayong mga kasalanan ay katanggap tanggap sa Dios. Ngunit iyon ay hindi tama, at ilagay ito sa iyong isipan na sa malao't madali hahatulan ng Dios ang iyong kasalanan at babayaran mo ang iyong kasamaaan. Kaya, mamuhay na naayon at sa kasunduan sa Salita ng Dios at mg autos, paglalagay sa iyong isip na tiyak hahatulan ng Dios ang Kanyang bayan.

***"22 Gunitain nga ninyo ito, ninyong nangakalilimot sa Dios, baka kayo'y aking paglurayluray in at walang magligtas:" (Awit 50:22 KJV)*** Ang mga nanamantala sa Dios sa gayong paraan na isilarawan natin sa naunang talata, iniisip na katangap tanggap sa Dios ang kasalanan na ginagawa nila; sila'y nasa konklusyon na kinalimutan ng Dios, nakalimutan nila kung sino ang Dios at kung ano ang tungkulin Niya sa kanilang buhay. Bilang bunga niyon, ay hahatulan ng Dios at pagbabayarin sila ng buo. Ito ay napapanahong babalang mensahe, Kaay matakot sa Dios, magsisi kaagad at bagihin ang iyong mga landas kaagad, kung hindi ang paghatol ng Dios ay papunta sa pag abot sa iyo.

***Sa aking mahal at minamahal: "23 Ang naghahandog ng haing pasasalamat ay lumuluwalhati sa akin; at sa kaniya na nagaayos ng kaniyang pakikipagusap aking ipakikita ang pagliligtas ng Dios." (Awit 50:23 KJV)*** Ang bayan ng Dios ay dapat magalak sa Kanya alalahanin ang lahat ng mabubuting bagay na ibinigay Niya sa kanila. Ang kanilang kagalakan sa Dios ay maipapakita sa pamamagitan ng kanilang masikap na pagsisisi at pamumuhay na walang kapintasan ayon sa utos ng kautusan at Salita ng Dios. Ito ay napapanahon sa iyo upang magsisi at baguhin ang iyong mga landas at linisin ang iyong puso at isip mula sa mga kasalanan tulad ng kapalaluan, sariling katuwiran, kawalang utang na loob, pagpapaimbabaw, pagnanakaw, imoralidad, atbp.

Magalak sa Dios bilangin ang iyong mga pagpapala at lahat ng iyong tinanggap mula Kanya, at magpasalamat sa Kanya.

Tayo ay manalangin…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinadalang malinaw sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para sa iyong kabutihan at para sa lahat ng aking tinanggap mula sa iyo!*

*Magsisi at talikdan ang iyong mga kasalanan. Talikdan ang iyong pagmamataas at iyong sariling pagkamatuwid. Talikdan ang mga kasalanan ng pagnanakaw, pagtsitsismis, pagmamalaki at ang iyong walang kagalakan patungo sa Dios. Talikdan ang lahat ng iyong pagbulong bulong at pagrereklamo laban as Dios.*

*Talikdan ang iyong ng lahat ng uri ng immoralidad. Talikdan ng paggawa ng iyong sariling kalooban at hindi ng plano ng Dios para sa iyo. Panginoon patawarin ako, Tinatalikdan ko ang sumusunod na mga kasalanan ___________________.*

*Panginoon ipinagako ko ang aking sarili na huwag kang samantalahin at mamuhay nang walang kapintasan alinsunod sa inyong Salita. Panginoon ipinagkakatiwala ko sa aking sarili na puksain ang mga sumusunod na makasalanang gawain _____________________*

*Panginon ipinangako ko ang aking sarili na mamunga ng bunga ng Banal na Espiritu sa aking buhay; pagibig, kagalakan, kapayapaan, kaamuhan, kabutihan, pagpipigil sa sarili, kahinahunan, pagtitiis at mahabang pagdurusa, na makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginooon salamat para aking mga Kapatid na Lalaki at Babae, na nagsisi at bumalik sa iyo, Panginoon itaas sila ng iyong biyaya at panumbalikin sila pabalik sa iyo. Makinig sa kanilang mga panalangin at manangis bilang sila'y nagsisi sa kanilang mga kasalanan at binago ang kanilang mga landas, Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan, upang sila'y magpatuloy na ipamuhay ang kanilang buhay sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at itaas kami ng iyong biyaya at awa upang patuloy kaming maglingkod sa iyo. Panginoon ipinangako namin ang aming buhay sa iyo upang linisin ang aming sarili, ang aming pamilya, at iyong simbahan mula sa mga kasalanan na aming nakaharap sa mensaheng ito. Panginoon ipangako naming ang aming sarili na manindigan na harapin ang makasalanang gawain, upang ituwid ang iyong bayan at sawayin at harapin ang mga nagpupumilit sa kanilang mga kasalanan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amun ang espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay na magpatuloy at maglingkod sa iyo, upang mag evangelio, upang abutin ang bagong mga tao ng mabuting balita ni Jesus at gumawa ng bagong mga alagad, at magsanay ng bagong mga manggagawa upang magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan, Pagpaparami sa kapayaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ng iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madaman ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com